PIGILAN ANG Impeksyon ng - Bago Ka Magkasakit Dahil Dito!

Ano ang TB?
Ang "TB" ay ang maikling pangalan para sa sakit na tinatawag na tuberkulosis. Nagagawa ng TB na umatake sa anumang bahagi ng katawan, pero ito ay pinakamadalas na umaatake sa mga baga.

Paano ako maiimpeksyon ng TB?
Kapag ang isang taong may sakit na TB sa baga o lalamunan ay umuubo, nagsasalita, tumatawa o bumabahin, ang mga napakaliit na mikrobyo ng TB ay iwiniwisik sa hangin. Sinumang nasa malapit ay makakalanghap ng mga mikrobyo ng TB papasok sa kanyang mga baga. Hindi ka mahahawa ng TB sa pakikipagkamay, paggamit ng mga baso o lagayan ng pagkain ng ibang mga tao, o mula sa mga upuan sa banyo. Ang mga mikrobyo ng TB ay maaaring mabuhay sa iyong katawan kahit hindi ka nagkakasakit. Nilalabanan ng iyong katawan ang mga mikrobyo ng TB upang manatili kang malusog. Ito ay **impeksyon ng TB.** Kung minsan, hindi malabanan ng iyong katawan ang mga mikrobyo ng TB. Kung magkasakit ka dahil sa mga mikrobyong ito, ito ay tinatawag na **sakit na TB**. Kung nagkaroon ka ng sakit ng TB, kailangan mo ng tulong. Puwedeng bumuti ang iyong pakiramdam sa pamamagitan ng tamang paggamot. Puwede kang mamatay kung hindi ka magpapagamot.

Paano ko malalaman kong ako ay may impeksyon ng TB?
Ang pagsusuri ng balat ay isang paraan upang malaman kung ikaw ay may impeksyon ng TB. Ang pagsusuring ito ay ginagawa sa braso. Ang pagsusuri ay ipapaliwanag sa iyo ng iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kung may maliit na bukol na lumitaw sa iyong braso sa lugar na sinuri, ang pagsusuri sa iyo ay maaaring "positibo". Kapag ipinasiya ng iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na ang pagsusuri sa iyo ay positibo, ikaw ay may impeksyon ng TB. Ikaw ay maaaring may "negatibong" pagsusuri. PERO, kung ikaw ay laging malapit sa isang taong may aktibong sakit na TB, maaaring kailanganin mong muling magpasuri.

Ang pagsusuri sa aking balat ay positibo. Ano ang gagawin ko ngayon?
Ang unang hakbang ay pailalim sa rayos-ekis (x-ray) ng dibdib upang matiyak na ikaw ay walang sakit na TB. Kung ang iyong rayos-ekis ng dibdib ay hindi nagpapakita ng sakit na TB, maaaring kailangan mo pa rin ng gamot upang pigilang magkasakit ka dahil sa iyong mga mikrobyo ng TB. Ang iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay sa iyo ng isa o higit pa na gamot para sa impeksyon. Napakahalagang inumin mo ang iyong mga gamot. Matagal bago mapatay ang mga mikrobyo ng TB.

Ano ang dapat kong malaman tungkol sa aking mga gamot?
Maaaring kailanganin mong inumin ang iyong mga gamot ng 4 hanggang 9 na buwan. Sasabihin sa iyo ng iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung paano iinumin ang iyong mga gamot. Itanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa mga di-hangad na epekto ng iyong mga gamot.

Pangalagaan ang iyong sarili, iyong pamilya at mga kaibigan laban sa TB – inumin ang lahat ng iyong gamot sa TB!

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm
This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/

A **Healthy Roads Media** project
www.healthyroadsmedia..org
Stop TB Infection Before it Makes you Sick!
Tagalog (Last Reviewed 10/2006)